Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
**Region IV- MIMAROPA**
**COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE**
Barangay III (Poblacion), Roxas, Palawan
Contact No. 09171606578 / 09175028647
Email address: cenroroxaspalawan@denr.gov.ph

03 December 2021

**G. RODOLFO CASTAÑAS**
Port Barton, San Vicente, Palawan

**Ginoong Castañas,**

Pagbati!

Ukol po sa inyong liham layong alamin ang kalagayan ng lupang may katawagang Lote Blg. 4432 ng Cad. 860-D sa Bgy. Port Barton, San Vicente, Palawan ipinababatid po na malibang hindi pagtibayin ng DENR-MIMAROPA Regional Office sang-ayon sa Department Memorandum Circular (DMC) Blg. 2019-10, agricultural (alienable/disposable) po ang pagkakauri nito. Natalà po ito para kay Antonio Alvares nang sukatin at noong 1993 ay nagawaran na ng patente sa pangalan ni Antonio C. Alvarez, mahigit sampung taon bago nabili ng inyong asawa noong taong 2004.

Ayon sa Seksiyon 26 ng Department Administrative Order (DAO) Blg. 2016-31 ang kapangyarihan ng DENR sa mga pribadong lupain ay layon lamang alamin kung marapat na ito ay ibalik sa poder ng pamahalaan (reversion). Dahil dito, ang pribadong interes sa lupang paksa ay sa mga hukuman nang nakasasaklaw marapat idulog.

Sang-ayon sa mga Seksiyon 29 at 30 ng DAO 2016-31, lahat ng petisyon para sa reversion ng rehistradong pag-aari ay sa Provincial Environment and Natural Resources Office idinudulog lakip ang Certificate to File Action galing sa Barangay, Verification and Certification of Non-Forum Shopping, Proof of payment of Petition Fee, Certified copy of the title, at kasalukuyang 2X2 larawan ng nagpipetisyon.

Kayo nawa ay aming nagabayan.

Lubos na Sumasainyo,

**RONIE B. GANDEZA**
OIC-CENRO

Mga sipi:

RED
PENRO
file

DENR-CENRO ROXAS
RELEASED
DATE. 6/20/2022
BY: [signature]
DOC. NO. 2022-01-0052